

1

Stunningly beautiful. Iyon ang tumatakbo sa isipan ng binatang abogado na si Derek Villacorta habang nakatitig nang walang kurap sa huling modelong rumampa sa entablado ng function hall ng *Manila Hotel*. Kasama niya ang kanyang mga kaklase noong siya ay nag-aaral pa lamang ng abogasya sa *Ateneo de Manila University*.

Umikot pa ng isang beses ang modelo bago tumalikod habang ang lahat ng manonood ay masigabong nagpapalakpakan. Ang pinaka-highlight ng show ay ang paglabas ng isang modelo suot ang pinaka-engrandeng creation ng designer na si Lana Abiegos.

“Whew! What a babe!” humahangang palatak ni Martin na siyang pumutol sa animo trance na kinalalagyan ni Derek.

“Well, I guess may pipilahan na naman si Martin niyan,” tumatawang komento ni Sam.

Si Martin ang nag-imbiba sa magkakaibigan na manood ng nasabing fashion show dahil ang ina nito ay isa sa mga tinitingalang fashion icons sa bansa.

Umiiling na nagsalita si Derek. “Ibalato n’yo na lang ang isang ito sa akin, Brod.”

“Sure, Pare, basta ikaw,” tumatawang sagot ni Martin.

“Tsk, tsk... kawawang babae. Tiyak na hindi na makakawala sa karisma ni Atty. Derek Villacorta,” Sam added with a glint of merriment in his eyes.

Hindi na pansin ni Derek ang mga kaibigan. Tumuon ang atensyon niya sa pintuan na papuntang backstage. Hindi niya palalampasin ang pagkakataong ito na makilala ang modelong iyon.

Ngunit paano kung umalis na kaagad ang babae pagkatapos ng stint nito? Ah, hindi siya makakapayag. Kailangan bago matapos ang gabing ito ay alam na niya ang pangalan at phone number ng modelo.

“Ollie, I’m sorry but I really have to go. Hindi na ako sasama sa party,” pahayag ni Kriselda habang nagmamadaling magtanggag ng makeup pagkatapos niyang rumampa sa catwalk.

“What! My dear Krisel, kailangan ka doon, ikaw kaya ang star of the night. Hahanapin ka tiyak ng mga organizers,” litanya ng kanyang personal assistant na isang binabae.

Si Ollie ang nagrekomenda sa kanya kay Miss Abiegos nang minsan silang nagkasabay sa restroom ng isa sa mga sikat na kainan sa Makati. Nagre-review siya noon sa Maynila para sa bar exam. Hindi siya nito tinantanan hangga’t hindi naipapakilala sa

sikat na designer.

Nang nakaraang taon lang nangyari iyon. At pagkalipas nga ng isang taon ay isa na siya sa most-prized models ni Lana Abiegos. Hindi nga lang siya makapag-full-time sa kabila ng panghihimok ng kanyang handler dahil hindi niya maaaring kalimutan ang kanyang totoong propesyon.

Ang pagiging abogado pa rin ang kanyang prioridad kahit pa napamahal na rin sa kanya ang pagmomodelo.

Kriselda finished her Bachelor of Laws degree from the *University of the Philippines* in Diliman. At kamakailan nga ay kumuha siya ng eksaminasyon sa pagiging abogado. Habang hinihintay niya ang resulta ng nasabing exam, ipinagpapatuloy niya ang pagiging part-time model.

Pagkatapos makapagbihis ay binitbit na niya ang kanyang may kalakihang overnight bag at nagpaalam sa mga kapwa modelo at kay Ollie.

Napailing-iling na lamang ang kanyang P.A.; alam nitong hindi nito mapipilit si Kriselda. Hindi niya kinahiligan ang pagpunta sa mga parties at alam iyon ng mga kasamahan sa trabaho kaya hindi na magtataka ang mga ito kung hindi siya nito makita sa party mamaya.

Binuksan niya ang trunk ng *BMW* sports car niya at basta na lang inihagis ang kanyang overnight bag. Gusto na niyang matulog, pagod na pagod ang pakiramdam niya.

Ngayon niya bigla naihiling na sana ay pumayag siya sa suhestiyon ng amang si Don Antonio na hiram muna niya ang kanilang family driver sa Pampanga na si Mang Mikor. But then, naisip niyang mas kailangan ng mga kapatid at magulang ang driver.

Pinaandar na ng dalaga ang kotse. Tamang nakalabas na siya ng hotel nang mapansin niya ang nangingintab na sasakyan na kasunod niya. Nais niyang mapa-‘wow’ nang masulyapan ang nasabing sasakyan. It was a black *Jaguar*. Kahit sa kailaliman ng gabi ay hindi maaaring ignorahin ang nasabing sasakyan.

Nasa kahabaan na siya ng C-5 road nang mapansin niya mula sa kanyang rearview mirror na kasunod pa rin niya ang itim na sasakyan.

Nakaramdam ng kaba si Kriselda. Was it a mere coincidence that they were driving in the same direction? Madalang na ang sasakyan sa daan at hindi iyon kataka-taka dahil alas dos na ng madaling araw.

Tinapakan ng dalaga ang accelerator ng kotse. Ngunit bumilis rin ang takbo ng nakasunod na sasakyan. Naibsan lang ang kaba niya nang matanaw ang condominium unit na inuupahan.

Nagmenor siya sa tapat ng gate ng gusali at nang sumulyap siya sa salamin ay nakita niyang nilampasan na siya ng *Jaguar*. Tuluyang nawala ang agam-agam niya.

Samantala, nakangiti si Derek habang nagmamaneho. Alam na niya kung saan puwedeng puntahan ang magandang modelo. Gusto niya sana itong lapitan kanina sa parking lot ngunit bakas na bakas sa ekspresyon ng modelo ang sobrang kapaguran. Sinundan na lamang niya ang sasakyan nito at ngayon nga ay alam na niya kung saan ito tumutuloy.

Napasipol siya sa tuwa. At twenty-eight, marami na rin siyang nakarelasyon ngunit para siyang na-excite sa nasilayang modelo. Kailan kaya niya muling masisilayan ang magandang dalaga?

“Atty. Villegas, kayo na po ang susunod sa interview. Pakihintay na lang po ang paglabas ni Atty. Cruz.” Ang tinig ay mula sa sekretarya ng isa sa pinakasikat na law firms sa bansa, ang *Villacorta-Villacorta and Associates*.

Dalawang linggo pa lamang ang nakakaraan nang lumabas ang resulta ng bar exam at isa si Kriselda sa mga masuwerteng nakapasa.

Masayang-masaya ang dalaga lalo pa at alam niyang ipinagmamalaki siya ng kanyang mga magulang at kapatid.

Siya ang panganay sa limang anak na babae ng mag-asawang haciendero sa Pampanga. Ang kanyang mababait na magulang ang naging inspirasyon niya kung kaya naabot niya ang pangarap na maging abogada.

Kaya naman noong nag-aaral pa ay hindi siya nag-entertain ng manliligaw sa kabila ng napakaraming gustong sumubok. Mailap ang dalaga kahit noong makatapos na siya ng pag-aaral. Minsan nga ay ang mismong mga magulang na niya ang nagsasabing puwede na siyang mag-boyfriend at mag-asawa, lalo pa't isa na siyang ganap na abogada ngayon.

Noong nakaraang lingo ay hinimok siya ng ina na sa bayan na lamang nila mag-umpisa ng karera bilang manananggol ngunit nakiusap siya na nais muna niyang paghusayin ang nalalaman sa Maynila. Gusto muna niyang makakuha ng enough experience sa mga law firms sa Manila bago siya magsimula ng private practice sa probinsya.

Ngayon nga ay nandito siya sa malawak na tanggapan ng sikat na law firm ng mga Villacorta. Estudyante pa lamang siya ay naririnig na niya kung gaano kagaling sa korte ang mag-amang nagmamay-ari ng firm. At ang mga baguhang abogada ay nangangarap na mapabilang sa nasabing firm upang mahasa nang husto.

At isa nga siya sa mga nagnanais na mapabilang sa nasabing law firm. Ngayon ang interview niya at interesado siyang maging parte ng law firm bilang isa sa mga junior associates nila.

Sa wakas ay bumukas ang pinto ng opisina ng isa sa mga may-ari ng firm. Dalawa ang opisina sa loob ng tanggapan at hindi mahirap hulaan na tig-isa ang sikat na mag-amang abogado ng opisina.

Hindi nga lang alam ng dalaga kung ang nag-i-interview ay ang matanda o ang nakababatang Villacorta.

She took a deep breath before proceeding to the office. She knocked on the door twice before going in.

This is it!

Napakunot-noo si Derek nang umpisahang basahin ang curriculum vitae ng susunod na candidate nila para sa junior associate position. He looked intently at the ID photo on the CV.

Bago pa niya maumpisahang basahin ang résumé ng aplikante ay kumatok na ito at bumungad sa opisina.

Hindi siya nagkamali ng sapantaha. Ang aplikante ay walang iba kundi ang modelong sinundan niya may isang buwan na ang nakararaan.

Hindi na siya nakagawa ng paraan na makilala pa ito sapagkat naging sobrang abala ang kanilang tanggapan sa paghawak ng isang malaking kaso na kasangkot ang isang kilalang pulitiko.

Ngunit sadya yatang itinakda na magkakilala sila ng babaeng sa tuwina ay bumabagabag sa kanya. And good heavens! Kahit walang bahid ng makeup ang mukha, napakaganda pa rin ng dalaga.

She was wearing a pink chiffon top underneath a lilac blazer and matching skirt. The skirt was an inch above her knees kung kaya hindi naitago ang mahahaba at makikinis nitong biyas. Maayos na naka-ponytail ang mahaba nitong buhok kung kaya lumabas ang natural na ganda ng maaliwalas nitong mukha.

She had a slender body with well-defined facial features. Mapagkakamalan itong Brazilian model dahil sa mataas na cheekbones nito. Not to mention the height na sa palagay niya ay nasa 5'8".

Nais mapaatras ni Krisel mula sa pagpasok nang makasalubong niya ang maiitim na mga mata ng lalaki sa loob ng opisina. Kahit nakaupo ay mahihinuhang matangkad ito with a well-built physique.

And he looked so young! She quickly assumed that this was the younger Villacorta. Hindi niya akalain na bata pa pala ito at napakaguwapo.

Kahit kailan ay hindi niya naging ugali ang tumingin sa isang lalaki nang matagal, ngunit ngayon ay para siyang mabibingi sa lakas ng tibok ng puso niya, habang hindi mailayo ang paningin sa maiitim na mga matang nakatitig din sa kanya.

She felt her knees trembling. She tried to compose herself and smiled. "Good morning, Attorney! I'm Kriselda Villegas." Napasulyap siya sa kanyang résumé na nakapatong sa mesa ng abogado.

Tumayo ang lalaki at naglahad ng kamay. “Hi, Atty. Villegas. Please take a seat,” pormal na bati nito sa pagtataka ni Kriselda.

Bakit biglang naging masungit ang kaharap? She was sure she saw fondness when he looked at her a while ago. Ipinagkibit na lamang ng balikat iyon ng dalaga at umupo.

“I’m Atty. Derek Villacorta, a senior associate of this firm. My father is the founder and right now, *Villacorta-Villacorta and Associates* has four senior associates including me, and six junior associates.”

Sa sumunod na mga sandali ay animo nasa courtroom sila nang umpisahan na siyang tanungin ng magaling na abogado. May palagay si Krisel na sinisindak siya nito ngunit hindi siya nagpasindak. Sinagot niya ang lahat ng tanong nito nang hindi lalabas na nakikipag-argumento.

Derek was so impressed with the woman. Nagtataglay ang babae ng excellent scholastic records at mataas na score sa bar exam. Very articulate rin itong magsalita at humble. Nasabi na ba niyang napakaganda ng dalaga at matalino pa?

Wow. Ano pa ang maaari niyang maipintas kay Atty. Kriselda Villegas?

Ngunit nirendahan ni Derek ang sarili. Ini-downplay niya muna ang paghanga niya sa magandang abogada. Pinanatili niya ang seryosong ekspresyon na animo walang epekto ang mga qualifications ng batang-batang abogada. Ngunit sa totoo lang

Yours Completely - Lily Angela

ay nais niyang mapahiyaw sa suwerteng dumating.

Sino ang mag-aakala na ang babaeng pinanabikan niyang makilala ay siya mismong kakatok sa kanyang opisina upang mag-apply ng trabaho?

Well, some men were born lucky, he thought to himself.

And I am one of them!